

# BIBLE STUDY

## Nehemias 6:1-7:3

February 11-17

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# MAHALAGANG

*Prinsipyo sa Buhay*



## Nehemias 6:1-7:3







PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

## Masamang Balak kay Nehemias

Nabalitaan nina Sanbalat, Tobias at ni Gesem na taga-
Arabia, pati ng iba naming mga kaaway, na naitayo ko
na ang pader at wala na itong butas bagaman hindi ko
pa nailalagay ang mga pinto nito. 2 Inanyayahan ako
nina Sanbalat at Gesem na makipag-usap sa kanila sa
isang nayon sa Kapatagan ng Ono. Alam kong may
masama silang balak sa akin.

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

3 Kaya't nagpadala ako ng mga sugo para sabihin sa
kanila, “Mahalaga ang aking ginagawa rito kaya hindi
ako makakapunta riyan. Hindi ko maaaring ipatigil ang
trabaho rito para makipagkita lamang sa inyo.” 4 Apat
na beses nila akong inanyayahan at apat na beses ko rin
silang tinanggihan. 5 Sa ikalimang pagkakataon ay
inanyayahan akong muli ni Sanbalat sa pamamagitan
ng isang bukás na liham na

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

6 ganito ang mensahe:
“Balitang-balita sa iba't ibang bansa at pinapatunayan
ni Gesem[a] na ikaw at ang mga Judio ay nagbabalak
maghimagsik, kaya itinatayo mong muli ang pader. May
balita pang gusto mong maging hari. 7 Sinasabi pang
may mga propeta kang inutusan upang ipahayag sa
Jerusalem na ikaw na ang hari ng Juda. Tiyak na alam
na ito ng hari, kaya pumarito ka agad at pag-usapan
natin ang bagay na ito.”

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

8 Ito naman ang sagot ko, “Walang katotohanan ang
mga pinagsasasabi mo. Gawa-gawa mo lamang ang
mga iyan.” 9 Tinatakot nila kami upang itigil ang gawain.
Nanalangin ako, “O Diyos, palakasin po ninyo ako.”
10 Minsan ay dinalaw ko si Semaya na anak ni Delaias
at apo ni Mehetabel, sapagkat hindi siya makaalis sa
kanyang bahay. Sinabi niya sa akin, “Halika. Pumunta
tayo doon sa Templo, sa tahanan ng Diyos, at doon ka
magtago. Sapagkat anumang oras ngayong gabi ay
papatayin ka nila.”

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

11 Ngunit sumagot ako, “Hindi ako ang lalaking
tumatakbo o nagtatago! Akala mo ba'y magtatago ako
sa Templo para iligtas ang aking sarili? Hindi ko gagawin
iyon.”
12 Napag-isip-isip kong hindi isinugo ng Diyos si
Semaya. Binayaran lamang siya nina Sanbalat at Tobias
upang ako'y bigyan niya ng babala. 13 Sinuhulan
lamang nila siya upang takutin ako at itulak sa
pagkakasala. Sa ganoong paraan, masisira nila ang
aking pangalan at ilagay ako sa kahihiyan.

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

14 Nanalangin ako, "O Diyos, parusahan po ninyo sina
Tobias at Sanbalat sa ginawa nila sa akin. Gayundin po
ang gawin ninyo kay Noadias, ang babaing propeta at
iba pang mga propeta na nagtangkang takutin ako."

## Natapos ang Trabaho

15 Pagkaraan ng limampu't dalawang araw na
paggawa, natapos ang pader noong ikadalawampu't
limang araw ng ikaanim na buwan.

# Nehemias 6:1-7:3

Magandang Balita Biblia

16 Nang mabalitaan ng aming mga kaaway sa mga
bansang nakapaligid na tapos na ang aming trabaho,
napahiya sila at napag-isip-isip nilang ito'y nagawa
namin dahil sa tulong ng aming Diyos.
17 Nang panahong iyon, nagsusulatan sina Tobias at
ang mga pinuno sa Juda.

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

18 Maraming taga-Juda ang pumanig sa kanya
sapagkat siya'y manugang ng Judiong si Secanias na
anak ni Arah. Bukod dito, napangasawa ng anak niyang
si Jehohanan ang anak na dalaga ni Mesulam na anak
ni Berequias. 19 Sa harapan ko'y lagi nilang pinupuri
ang ginawa ni Tobias at lagi nilang ibinabalita sa kanya
ang aking sinasabi. At patuloy siyang nagpapadala ng
sulat sa akin upang ako'y takutin.

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

## Naglagay ng mga Pinuno sa Jerusalem

Natapos ang pader ng lunsod at naikabit na ang mga
pintuan nito. May itinalaga na ring mga bantay, mga
mang-aawit, at mga Levita. 2 Pagkatapos nito, ang
Jerusalem ay inilagay ko sa pamamahala ng dalawang
kalalakihan, si Hanani na aking kapatid at si Hananias na
pinuno ng mga bantay sa kuta. Si Hananias ay
mapagkakatiwalaan at malaki ang takot sa Diyos kaysa
iba.

# Nehemias 6:1–7:3

Magandang Balita Biblia

3 Iniutos kong ang mga pintuan ng Jerusalem ay
bubuksan lamang kapag mataas na ang araw, isasara at
ikakandado agad paglubog ng araw bago magpahinga
ang mga bantay. Iniutos ko ring maglagay sila ng mga
bantay-pintuan na taga-Jerusalem. Itinalaga nila ang
ilan sa mga ito sa mga bantayan at ang iba nama'y sa
malapit sa kani-kanilang bahay.

# MAHALAGANG

## *Prinsipyo sa Buhay*

Nehemias 6:1-7:3

"Tulad ni Nehemias, ako ay mananatiling matatag sa pagtupad ng gawain ng Diyos sa gitna ng mga atake ng kaaway."




1

Sa Nehemias 6, ano ang ginawa ng mga kaaway ni Nehemias nang malaman nila na ang pader ng Jerusalem ay muling naitayo?



# Ano ang naging tugon ni Nehemiah sa masamang balak ng kanyang mga kaaway?

PAGTUKLAS 2


Nehemias 6:1-7:3





3

Sa Nehemias 7: 1-3, ano ang ginawa ni Nehemiah ng natapos na ang muling pagtatayo ng pader?


Si Nehemias ay inatake sa tatlong paraan: 1) sa huwad na alok ng pakikipagkaibigan mula sa kanyang mga kaaway; 2) sa paninira; at 3) sa maling babala. Ano ang maaaring dahilan ng walang tigil at mas matinding pag-atakeng ito, at paano ito napagtagumpayan ni Nehemias?




Ano ang isang magandang resulta ng karanasan ni Nehemias sa kanyang mga kaaway?




Paano maihahalintulad ang karanasan ni Nehemias sa naging karanasan ni Jesus sa Bagong Tipan?







Naranasan mo na ba ang mabangga ng mga “kaaway” habang sinusunod mo ang Diyos? Ibahagi sa inyong grupo kung paano kayo tumugon at kung ano ang itinuro sa iyo ng Diyos sa pamamagitan nito.



# PAGTUGON 2

Nehemias 6:1-7:3

Ang pag-unawa ang nagbigay-daan kay Nehemias para hindi mahulog sa mga pakana ng kanyang mga kaaway at manatiling nakatuon sa muling pagtatayo ng pader. Paano tayo magiging mas mapag-unawa?




Bilang pagsunod sa halimbawa ni Nehemias at ng ating Panginoong Hesukristo, paano ka mananatiling nakatuon at matatag sa gitna ng paghadlang ng kaaway sa iyong pagtupad sa gawaing ibinigay sa iyo ng Diyos?

# MAHALAGANG

## *Prinsipyo sa Buhay*

Nehemias 6:1-7:3

"Tulad ni Nehemias, ako ay mananatiling matatag sa pagtupad ng gawain ng Diyos sa gitna ng mga atake ng kaaway."

# MAHALAGANG
# *Prinsipyo sa Buhay*


## Nehemias 6:1-7:3

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER


BIBLE STUDY
Nehemias 6:1-7:3
See You Next Week
PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584